## MERKADO



Maaaring ipagbili sa malalapit na pamilihan o sa Divisoria

Maaaring ikontrata upang madala sa malalaking kumpanya na may farm gate price mula P70.00 -P90.00 kada kilo

## *Paalala*

Anihin ang baby corn 50 - 55 araw pagkatanim, at maaaring gawin 4 na beses o higit pa sa loob ng isang taon.

Ang natirang parte ng halamang mais bukod sa ugat ay maaari pa ring pakinabangan at pagkakitaan bilang *corn silage* o pakain sa hayop tulad ng baboy.


***Pinagkunan ng Impormasyon:***

Masana et.al. Preliminary Test Evaluation of Baby Corn.
Masana et.al. Baby Corn Production Technology
Philippine Agriculturist 66:232-134
Philippine Agriculturist 66:232-224
The Philippine Recommends for Corn. 1981. PCAARRD, Los Baños, Laguna.



Produced by

**Agricultural Training Institute**
Regional Training Center CaLaBaRZon



Contact and Follow Us

www.ati.da.gov.ph/calabarzon
atirtc4a@gmail.com
046-419-0210
Agricultural Training Institute- Calabarzon
@aticalabarzon



IEC - 2018 - 0006



**Agricultural Training Institute**
Regional Training Center IV-A
8575 Camerino St. Brgy. Lapidario
Trece Martires City, Cavite


# Baby CORN

## May Kita Na, Masustansya Pa!





# Ano ang *Baby Corn*?

Ito ay isa sa mga mataas na halagang gulay na sumisikat sa iba't – ibang parte ng mundo.

- Ito ay ang puso o bunga ng halamang mais na inaani ng 4-5 araw simula ng ito ay lumitaw; maaaring magmula sa sari-saring uri ng binhi.
- Ang pagpitas ng puso o bunga ng mais ay agarang ginagawa 2-3 araw sa paglabas pa lamang ng buhok ng mais.
- Ang *pollination* ay hindi magiging suliranin sapagkat ito ay inaani na bago pa man ito mag-*pollinate*.

## URI NG PAGTATANIM

**A** bilang **Pangunahing Tanim** - ang seed variety na pinili upang itanim ay ang baby corn o young corn lamang. Ito ay mas angkop na gamitin upang mas maraming maging bunga sa bawat tanim.



**B** bilang **Pangalawang Tanim** - pipiliin kung aling puno ng mais ang gagawing baby corn. Ang bunga ay pinipitas mga ilang araw pagkatapos ang buhok ng mais ay lumabas na.
Ang pag-ani nito ay dapat sa tamang panahon upang maiwasang gumulang nang husto ang mais.

## MGA BENEPISYO SA KALUSUGAN

- ✓ isang uri ng gulay na may mababang calorie
- ✓ nakatutulong sa pangangasiwa ng timbang ng tao
- ✓ mayroong mababang carbohydrate, mataas na fiber at fat-free na uri ng gulay
- ✓ mayroong mataas na nutrient at pinagkukunan ng bitamina at mineral katulad ng Bitamina A at C at Iron
- ✓ may mababang glycemic index kumpara sa ordinaryong mais kaya maiging kumontrol ng asukal sa dugo ng tao.

## PAGPAPANATILI NG KALIDAD

- kailangang ilagay sa 3° C sa mababang *density polythene bags of* 150 *gauge* na walang bentilasyon
- ang maximum *shelf life* ay 63 araw
- 4-10 sentimetro a ng haba
- manilaw-nilaw hanggang purong dilaw ang kulay
- 08 – 1.8 cm diameter
- matamis (hindi *fibrous*)
- malinis at hindi sira

